**Pangalan:** ________________________________________ **Iskor:** ______________
**Pangkat:** ________________________ **Petsa:** _____________

# FILIPINO 5

Ikalawang Lagumang Pagsusulit - Unang Markahan

## Sanggang-Dikit

Dalawa kaming magkapatid na parehong lalaki. Mula kami sa payak at masayang pamilya. Jawe ang pangalan ng aking Kuya. Halos sabay kaming lumaki ni Kuya dahil dalawang taon lamang ang aming pagitan. Si Tatay ay isang drayber at si Nanay naman ay isang may bahay. Nakatuon lamang ang oras at atensiyon ni Nanay sa aming magkakapatid. Sina Lolo at Lola ay katulong din nila sa pag-aalaga sa amin.

Kapwa kami pinalaki ng aming mga magulang na mabubuti at matatapat na mga bata na may paggalang at pagmamahal sa Diyos at sa kapwa tao. Tuwing hapon pakagaling sa paaralan, nagkukwentuhan kami ni Kuya habang ginagawa ang aming takdang-aralin. Laging sinasabi ni Kuya na nais niyang maging isang doctor upang maalagaan ang aming mga magulang sa kanilang pagtanda, gayundin sina Lolo at Lola. Kaya lagi ko sinasabing ang pangarap niya at pangarap ko rin. Kaya sa mga pagkakataong kami ay maglalaro, mas pinipili namin ni Kuya ang pagbabasa ng mga aklat at magkunwaring mga doctor at minsan naman ay pasyente. Naaalala ko pa ang mga salitang lagi kong sinasambit kay Kuya, "diba sanggang-dikit tayo, Kuya? Ang pangarap mo ay pangarap ko rin."

**I. Hanapin sa Hanap B ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit sa Hanay A. Isulat ang titik ng sagot sa patlang.**

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| ______1. *pagkagaling* sa paaralan | A. isang ambisyon nan ais makamit |
| ______2. dalawang taon ang aming *pagitan* | B. magkasundo sa lahat ng bagay |
| ______3. *sanggang-dikit* tayo, Kuya | C. sinasabi |
| ______4. salitang lagi kong *sinasambit* | D. pokus sa gawain |
| ______5. ang *pangarap* niya ay pangarap ko rin | E. agwat |
| ______6. *nakatuon* ang oras | F. mula sa isang lugar |
| ______7. mula kami sa *payak* na pamilya | G. simple |

**II. Mula sa binasang teksto, sagutin ang sumusunod na tanong sa bawat bilang. Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.**

1. Sino ang magkasanggang-dikit sa kwento?
   A. ang magkapatid C. ang guro at mag-aaral
   B. ang mga magulang D. wala sa nabanggit
2. Sa ano-anong bagay magkatulad ang magkasanggang-dikit?
   A. sa mga laruan C. sa mga kasuotan
   B. sa ugali at pangarap D. sa mga gusting kainin
3. Tungkol saan ang binasang teksto?
   A. Magkapatid na lumaking mabuti at sanggang-dikit
   B. Magkapatid na mahilig maglaro
   C. Isang payak na pamilya
   D. Magkapatid na pangarap na maging doktor
4. Ilang taon ang pagitan ng magkapatid?
   A. isa B. dalawa C. tatlo D. apat
5. Paano pinalaki ng kanilang mga magulang ang magkasanggang-dikit?
   A. Mahilig sa paglalaro at walang respeto sa nakatatanda.
   B. Mahusay sa pag-aaral ngunit hindi marunong makipag-kapwa tao.
   C. Mabubuti at matatapat na mga bata na may paggalang at pagmamahal sa Diyos at sa kapwa.
   D. Lahat ng nabanggit.
6. Bakit pangarap ni Jawe na paging doctor?
   A. Dahil ito ang gusto ng kaniyang mga magulang para sa kanya.
   B. Upang maalagaan ang kanilang m ga magulang, Lolo, at Lola.
   C. Upang kumita ng maraming pera.
   D. Wala sa nabanggit.
7. Ano ang kadalasang ginagawang laro ng pagkapatid?
   A. Patintero B. Habulan C. Pagbabasa ng aklat D. Computer Games

8. Sa iyong palagay, magiging matagumpay kaya ang magkapatid sa pag-abot ng kanilang mga pangarap? Ipaliwanag.

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

**III. Mula sa binasang teksto, sagutin ang sumusunod na tanong sa bawat bilang. Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.**

______1. Alin sa mga sumusunod ang ginagamit kung ang tanong ay patungkol sa tao?
A. Ano B. Sino C. Ilan D. Kailan

______2. Ang tanong na nagsisimula sa "**Saan**" ay patungkol sa _________.
A. Pangyayari B. Tao C. Lugar D. Petsa

______3. Kung gusto mong malaman ang saktong bilang ng mga lalaki sa inyong klase, anong tanong ang iyong gagamitin?
A. Ilan B. Sino C. Bakit D. Kailan

______4. Anong katanugan ang gagamitin mo kung nais mong malaman ang petsa ng pagsusulit ng iyong proyekto?
A. Saan B. Bakit C. Kailang D. Paano

______5. Anong tanong ang naaangkop na gamitin kung gusto mong malaman ang dahilan o rason?
A. Bakit B. Paano C. Sino D. Kailan